

UNAHAHAN ANG

SEPSIS

ALAMIN ANG MGA PANGANIB.
TUMBUKIN ANG MGA SENYALES.
KUMILOS AGAD.

PARA SA MGA PASYENTE AT MGA PAMILYA

MANATILING MALUSOG. PROTEKTAHAN ANG INYONG SARILI LABAN SA SEPSIS.

Panahon na upang pag-usapan ang tungkol sa sepsis. Itanong sa inyong doktor o nars, **"Paano ko maiiwasan ang mga impeksyon?"**

ANO ANG SEPSIS?

Ang sepsis ay ang pinakamasamang tugon ng katawan sa impeksyon. Ito ay nakamamatay at kung hindi magagamot agad, ang sepsis ay mabilis na tutuloy sa pagkawasak ng tisyu, pagbagsak ng organo, at kamatayan. Nangyayari ang sepsis kapag ang impeksyon na meron na kayo- sa inyong balat, baga, daanan ng ihi, o kung saan man - ay nagdulot ng kawing-kawing na reaksiyon sa inyong buong katawan.

NASA PANGANIB BA AKO?

Sinuman ay maaaring magkaroon ng impeksyon, at halos lahat ng alinmang impeksyon ay maaaring tumuloy sa sepsis. Ang mga tao na may mga talamak na kondisyon tulad ng diyabetes, sakit sa baga, kanser, at sakit sa bato, ay may mas mataas na panganib na magkaroon ng impeksyon na maaaring tumuloy sa sepsis. Ang sepsis ay mas karaniwang nangyayari sa:

- Mga matatanda na 65 taong gulang o higit pa
- Mga taong may nanghinang sistema ng pagkamanhid (immune system)
- Mga batang mas bata sa isang taon

Kabilang sa mga germs na malimit na natutukoy magdala ng impeksyon na maaaring maging sepsis ay *Staphylococcus aureus* (staph), *Escherichia coli* (E. coli), at ilang uri ng *Streptococcus*.

PAANO KO MAUUNAHAN ANG SEPSIS?

1. Kausapin ang inyong doktor o nars tungkol sa mga hakbang na puwede ninyong gawin upang maiwasan ang impeksyon. Kasama sa ilang hakbang ang malusog na pamamahala sa mga talamak na kondisyon at pagpapabakuna ng mga inirerekomendang gamot.
2. Gawing malinis ang pangangatawan, tulad ng paghuhugas ng kamay, at paglilinis at pagtatakip sa mga sugat hanggang sa gumaling ang mga ito.
3. Alamin ang mga sintomas ng sepsis.
4. KUMILOS AGAD. Magpagamot AGAD kung nagsususpetsa na may sepsis o may impeksyon na hindi gumagaling o lalong lumalala.

Alagaan ang inyong kalusugan. Ang mga talamak na kondisyon, tulad ng diyabetes, ay maglalagay sa inyo sa panganib ng impeksyon na maaaring tumuloy sa isang nakamamatay na kondisyon na tinatawag na sepsis.

ANU-ANO ANG MGA SINTOMAS?

Kabilang sa mga sintomas ng sepsis ang alinman sa o ang kombinasyon ng mga sumusunod:



PAGKALITO O
PAGKAWALA NG
ORYENTASYON



PANGANGAPOS
NG HININGA



MABILIS NA PINTIG
NG PUSO



LAGNAT,
O PANGINGINIG,
O PAKIRAMDAM
NA GINIGINAW



MATINDING
PANANAKIT O KAWALAN
NG ALIWALAS



BASA-BASA O
PASMADONG BALAT

Ang sepsis ay medikal na emergency. Mahalaga ang oras. Kung kayo o ang mahal ninyo sa buhay ay pinagsususpetsahan na may sepsis o impeksyon na hindi gumagaling o lalong lumalala, tanungin ang inyong doktor o nars, **"Maaari bang tumuloy sa sepsis ang impeksyong ito?"**

Upang mas marami pang malaman tungkol sa sepsis at kung paano iiwasan ang impeksyon, bisitahin ang www.cdc.gov/sepsis



HAWAII STATE
DEPARTMENT
OF HEALTH

